ANG ISYU NG RH BILL

by Institute for Studies in Asian Church and Culture on Thursday, October 14, 2010 at 12:51pm

Tipikal na istorya: Mag-asawa na may anim na anak. Ang lalaki walang permanenteng trabaho; ang babae - hindi makuhang magtrabaho dahil kina-kailangan magbantay at mag-alaga ng marami nilang anak; ang mga anak – under-nourished at sakitin dahil kulang sa pagkain. Madalas pinaghahatian nila ang isa o dalawang balot na instant noodles na nilagyan ng sangkatutak na tubig para magkasya sa buong pamilya. Hindi rin nakakapag-aral ang mga anak dahil walang ipangtustos sa baon at pamasahe. Hindi na nakakagulat ang ganitong uri ng istorya di po ba?

Pinagtitibay lamang ng kwentong tulad nito ang sinasabi ng mga surveys. Karamihan sa mga mag-asawa ay naghahangad lamang ng 2 hanggang 3 anak. Subalit karamihan din naman sa kanila ay walang sapat na impormasyon at edukasyon sa pag-paplano ng pamilya. Hindi na kataka-taka kung bakit hindi sila nakakapili ng mahusay na mga hakbang upang maayos na maplano ang pamilya. Karamihan din sa mag-asawa ay may maling akala patungkol sa mga contraceptives at kadalasan ay negatibo at mga haka-haka lamang ang mga ito.

Sa puntong ito, mahalaga na alamin at isa-alangalang ang mga bagay bagay na nakapaloob sa RH Bill. Hindi lang ito tungkol sa isyu ng contraceptives at over-population. Tinatalakay din ng panukalang batas ang mga issue ng maternal health, infant mortality, poverty-alleviation at empowerment ng kababaihan. Holistic ito kumbaga. Ang mga ito ay katugunan sa commitment ng Pilipinas sa Millenium Development Goals o MDGs ng United Nations.

Subalit salungat ang konserbatibong pamunuan ng Simbahang Katoliko sa panukalang batas na ito. Sa kanilang palagay ang mga contraceptives, particular na ang condom, ay mag-eengganyo ng sexual promiscuity sa mga tao. Sa tingin nila, maaari din itong magresulta sa teenage pregnancy, marital infidelity, fornication, pagbaba ng moral values at casual na pagtingin sa sex. Nakikita na natin ang ganitong scenario sa mga call centers kung saan kasabay ng pagtaas ng sales ng condom ang pagtaas ng rate ng HIV, STD at AIDS. Sumasalamin ito sa bumababang moral values kung saan ang sex ay casual na lamang. May mga pagkakataon na pati na ang mga may asawa ay pumapatol sa iba sa ngalan ng "safe sex." Ito ang labis na pinangangambahan ng ilang conserbatibo.

Kung ang Pilipinas ay hindi mahirap na bansa, ang mga isyung bumabalot sa RH Bill ay mananatili sa usaping moral lamang. Subalit dahil hikahos ang ating ekonomiya, masasaling din nito ang isyu ng populasyon. Kung mayaman tayong bansa, na-didistribute ng maayos sa lahat ng mamamayan ang ating yaman, may sapat at pantay na opportunidad para sa lahat, may easy access sa mga medical na pangangailangan, at may kakayanan ang mga mamamayan na suportahan kahit na malaking pamilya -marahil ay hindi magiging isyu ang populasyon sa usapin ng RH Bill. Pero hindi ito ang kasalukuyang scenario ng ating bayan. Kailangang tugunan ang tumitinding kahirapan at kaakibat nito ay ang pagtugon sa patuloy nating lumolobong populasyon.

Kung mananatili tayo sa usapan ng moral issue, marapat din nating itanong: sino ba ang institusyon na dapat tagapagturo at tagapagpatibay ng moral values? Pamilya siyempre. Pero maging ang mga magulang ay may problema sa kanilang moral values at karakter. Sino naman ang tagapagturo sa mga magulang ng moral values? Ang simbahan. Pero bakit umabot tayo sa ganitong punto na ang karamihan ng mamamayan lalung-lalo na ang umuusbong na mas batang henerasyon ay bumababa ang moral values? Well, hindi siguro hahantong sa ganitong level ng pangamba sa kalidad ng moralidad kung ang simbahan ay naging epektibo sa pagpapatibay ng tamang moral values sa mga tao. May RH Bill man na umiiral o wala sa ating bansa, mananatiling tungkulin ng lahat ng simbahan, Katoliko man o hindi, na magbigay ng edukasyon at mahusay na pagdidisipulo sa larangan ng sexuality at morality.

Sa ngayon, kailangan nating tugunan ang iba pang lumalalang problema na nais solusyunan ng RH Bill. May mag-asawa na anim ang anak. Ang lalaki walang trabaho. Ang babae hindi makapag-trabaho sa dami ng anak. Alam na natin ang storya....

Ito po ang SA GANANG AMIN ni Jon Soriano ng Institute for Studies in Asian Church and Culture, naghahatid ng mga pananaw na tumutugon sa mga hamon ng ating panahon…

Si Emil Jonathan Soriano ay Fellow ng Institute for Studies in Asian Church and Culture (ISACC).